# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

# Yunit II

# Modyul Blg. 10

# Gaano Ka Ba Kalaya?

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Madalas na pag-usapan ang paksang kalayaan. At kapag ito na ang nagiging sentro ng usapan, bilang kabataan, ikaw ay nagiging alerto sapagkat mula pa sa elementarya, tinatalakay na ang kalayaan. Sa ating kasaysayan, ang kalayaan ang siyang nagpaalab ng damdamim ng ating mga katutubong Pilipino. Isa tayo sa mga bansang nagkaroon ng sariling kasarinlan. Buong giting na inangkin ng ating mga bayani ang kalayaan mula sa mga dayuhan. Kapag ganitong uri ng kalayaan ang tinatalakay, madali mong naipahahayag ang iyong damdamin.

Maari ding pag-usapan ang kalayaan mo bilang isang mamamayan. Mula sa Saligang Batas, nakasaad ang iba't ibang kalayaang meron ang isang mamamayang katulad mo. Bilang kabataan, malaya mong naipahahayag ang iyong kalayaan sa pananalita, pananamit, at pagkilos. Alam na alam mo ang kahulugan nito. Subalit, gaano ka nga ba kalaya? Paano mo ginagamit ang iyong kalayaan? Alam mo bang dapat na maging mapanagutan sa paggamit ng kalayaan?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Naipaliliwanag ang kahulugan ng mapanagutang paggamit ng kalayaan
B. Naipapahayag ang mapanagutang paggamit ng kalayaan sa pakikipagkapwa

C. Nakabubuo ng mga paraan tungo sa pagpapamalas ng mahusay na paggamit ng kalayaan sa pakikipagkapwa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Subukin mong sukatin ang iyong kaalaman sa paksang tatalakayin, sagutan ang panimulang pagsusulit.

Isulat ang Tama kung wasto ang pahayag at Mali kung hindi.

________ 1. Pinili ni Janeth na mapagalitan na lamang dahil sa pagsasabi ng katotohanan

________ 2. Dahil uso, gayahin ang pagsusuot ng blusa na labas ang pusod.

________ 3. Isang mag-aaral na ipinahahayag ang damdamin sa pamamagitan ng pagsusulat sa mga pader ng paaralan

________ 4. Kahit mahal na mahal ni Josie ang kasintahan, tumanggi siyang sumama sa pagtatanan

________ 5. Sa sobrang galit ni Ana, pinagsabihan niya ng masasakit ang kanyang kapatid

________ 6. Sa panonood ng palatuntunan, maaari kang humakhak at sumigaw upang maipakitang maganda ang nagtatanghal

________ 7. Maaari namang ulitin ng dalawang beses ang isang asignatura kaya hindi na muna pumasok si Medel pagkatapos ng Disyembre.

________ 8. Dumating ang sulat ng iyong ate subalit wala siya. Inutusan ka ng iyong ina na buksan ito upang malaman kung sino ang lihim na sumusulat sa kanya.

________ 9. Kasama ang iyong mga miyembro sa samahang iyong pinamumunuan sa inyong paaralan, pumunta kayo sa opisina ng punung-guro upang irekalamo ang maruming palikuran ng paaralan.

________ 10. Kahit tiyahin mo ang kahera ng paaralan, pumipila ka sa tuwing mayroong bayaran.

## III. Tuklasin Mo?

### Gawain Blg. 1

Basahin mo ang bukas na liham na ito.

Batasan Hills, Quezon City
June 15, 2004

Mahal kong mga kaibigan at kamag-aral,

Kumusta sa inyong lahat! Isang maligayang pagbati sa inyong lahat. Pasukan na naman kaya alam kong lahat kayo ay nasa paaralan.

Masuwerte kayo dahil maaari kayong magtapos ngayong taong ito. Marahil si Melrose ang valedictorian at si Joyce Ann ang salutatorian. Naku huwag na huwag ninyo kong kalimutang imbitahan sa graduation ninyo kundi pupunta ko riyan at pagagalitan ko kayo. Makulit pa rin ba si Jayson? Siguro lagi pa rin niyang tinutukso si Rodilyn. Ako naghihinala na kaya niya ginagawa iyan ay dahil may lihim siyang pagtingin dito. Nagbibiro lang ako.

Talagang masuwerte kayo dahil pinili ninyong tapusin ang pag-aaral kaysa sa akin. Natatandaan ko pa dalawang taon na ang nakaraan, nasa top ten ako ng klase natin sa section 1. Masaya tayong lahat dahil ang laging usapan, kung sino ang mapabilang sa top 10 ay magbibigay ng tsokolate sa bawat isa kaya lagi kong iniipon ang baon ko kapag malapit nang matapos ang taon.

Subalit sa katigasan ng ulo ko, pinili ko ang sumama sa aking kasintahang nasa ikaapat na taon. Matalino rin siya ngunit pareho kaming mapusok. Kahit alam naming magagalit ang aming mga magulang, nagtanan kami at nagtungo sa probinsya nina Jerry. Mahal na mahal ko siya. Subalit mas naging mahirap para sa amin ang buhay ngayon. Pinipilit ni Jerry na buhayin kami ng aming panganay na si Nancy. Cute siya at talagang napakalikot. Mana yata sa akin. Sana huwag ninyong tularan ang aming ginawa. Malaya nga naming naipahayag ang aming pagmamahalan subalit nalimutan naming ang aming mga pananagutan sa aming mga magulang bilang mga anak. Mabait sina Tatay at Nanay kaya masyado ko silang naabuso.

Naku! Naiiyak na naman ako. Sige, basta mag-aral kayong mabuti. Pipilitin kong makapag-aral sa isang taon. Malaki na nun si Nancy at nangako si Nanay na pag-aaralin niya kong muli. Ang bait talaga ni Nanay.

Nagmamahal,

Shahani

## Sagutin Mo

1. Ano ang nangyari kay Shahani at sinabi niyang masuwerte ang kanyang mga kamag-aral na nasa paaralan?
2. Ano ang dahilan at sinabi niyang nagkamali sila ni Jerry sa pagpapasya?
3. Bakit sa maling paraan nila ginamit ang kanilang kalayaan?

## Gawain Blg. 2

Ang unang hakbang sa pitong batayan ng pagpapahalaga ay ang malayang pagpili. Sumunod ay ang pamimili mula sa pamilian. Subalit paano kung walang pamimilian? Ang sabi ng iba ay hindi daw malaya ang tao kung walang pamimilian, kung siya ay nahaharap lamang sa isang sitwasyon o pangyayari. Subukin mo ngang gawin ang sumusunod upang masubok kung hindi ka nga ba malaya kung walang pamimilian.

**A.**

May palatuntunan kaya ang lahat ng mag-aaral ay nasa awditoryum ng paaralan. Nakalimutan ni Laura ang kanyang wallet sa bag kaya bumalik siya sa kanilang silid-aralan. Papasok na siya sa pinto nang makita niyang kinukuha ni Jessie ang wallet ni Gina na kanya ring kamag-aral. Wala nang pagkakataong umurong dahil nasa pinto na siya ng silid-aralan at nakita na siya ni Jessie. Alam niyang si Jessie ang pinakamagulo at salbahe sa klase. Lahat ay natatakot sa kanya. Alam niyang wala siyang pamimiliian kundi ang tumahimik lalo na ng kumunot ang noo nito at sinabing “Laura, wala kang nakita kaya lumabas ka na!” Sa takot, nagtatakbo si Laura at bumalik sa awditoryum. Kung ikaw si Laura, ang ang gagawin mo?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**B.**

Hindi natapos nina Kristina ang kanilang praktis para sa presentasyon kinabukasan. Napagkasunduang itutuloy ang praktis sa bahay ng kanilang kasama sa grupo. Walang telepono at cell phone sa bahay sina Kristina. Mahigpit at matapang ang kanyang mga magulang. Wala siyang pagpipilian kundi ang sumama dahil malaking porsiento ng marka nila sa kanilang asignatura ay sa kanilang presentasyon mangagaling. Ano ang dapat gawin ni Kristina?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

## Sagutin Mo

1. Sa dalawang sitwasyong nabanggit sa itaas, totoo bang hindi sila malaya sa pagpapasya dahil wala silang pamimilian sa paggawa ng pasya? Patunayan.
2. Kung ganito ang sitwasyon at sinasabing wala kang pamimilian, ano ang maaari mong gawin? Saan mo maaaring ibatay ang iyong kalayaan sa pagpapasya?
3. Paano mo masasabing mapanagutan o responsable ang isang tao sa kanyang paggamit ng kalayaan batay sa mga sitwasyon?
4. Paano naaapektuhan ng mapanagutang kalayaan sa paggawa ng pasya ang iyong pakikipagkapwa?

**Gawain Blg. 3**

Kanino at saan mo karaniwang naririnig ang mga pahayag na ito?




**Sagutin Mo**

1. Naniniwala ka ba sa mga pahayag na ito? Bakit?
2. Kung ginagawa mo ba ang iyong gusto, nagpapakatotoo ka at ipihahayag mo ng walang takot ang iyong sarili, lubos ka nang malaya? Bakit?
3. Bilang kabataan, anu-ano ang mga humahamon sa iyong kalayaan sa pagkilos at pagpapasya?

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Ipaliwanag mo ang pahayag na ito.

> "Ang matibay na pananaw sa kung ano ang tama at mali, pagsabi ng oo at hindi batay sa katotohanan ng pangyayari at pagiging mapanagutan ay pundasyon ng kalayaan sa pagpapasya sa panahon ng kagipitan at kawalan ng pamimilian sa pagpapasya. "

# V. Pagpapatibay

## Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan

Ayon kay Esther Esteban sa kanyang aklat na Education in Values, ang tao ay kumikilos ng may kalayaan kung:

a. naipakikita niya ang pagkakaiba ng tama sa mali batay sa prinsipyong etikal
b. sinusunod niya ang kalikasan ng taong piliin ang mabuti at umiwas sa masama

Sa kaibuturan ng konsensya ng tao ay narito ang katotohanan at ang batas na kusang pagsunod sa tama at pagtanggi sa masama. Ang tinig ng konsensya ang bumubulong sa puso na mahalin ang mabuti at iwasan ang masama dahil ang batas ng Diyos ay nakaukit sa kanyang puso. Dahil ditto, napananatili ang kanyang dignidad bilang tao.

Ang isang kabataan ay kailangan maging sensitibo sa pag-iwas sa kasalanan, maging seryoso sa paghinuha sa magiging bunga ng mga paglabag sa batas etikal.

Ayon kay Fr. Joseph M. de Torres a kanyang aklat na Christian Philosophy, ang kalayaan ng tao ay nababatay sa pagpili na kung saan siya lamang ang nakakagawa. Walang anumang kapangyarihan ang maaaring makapilit sa kanya, ito ang dignidad ng tao. Sa ilang pagkakataon, maaari siyang mahikayat, makumbinsi, subalit hindi siya maaaring pilitin. Ito ang kanyang kalayaan bilang nilalang, ang malaman ang kanayang hinaharap at kung paano nito makakamit.

Ayon kay St. Thomas, ang kalayaan ng tao ay isang sangkap nag kanyang will na kung saan nakakagawa ito ng mga paraan at hakbang tungo sa pagkamit ng ninanais. Siya ay may talino upang ilahad ang mga alternatibong pagpipilian at ang will ang pipili upang isagawa.

Mayroong dalawang uri ng kalayaan. Ang una ay interior at ang pangalawa ay exterior na kalayaan.  Ang interior o panloob na kalayaan ay tumutukoy sa will upang pumili, samantala ang exterior o panlabas na kalayaan ay tumutukoy sa kalayaan na naimpluwensiyahan ng panlabas na salik katulad ng kalayaang pampulitikal, pangpropesyonal at iba pa. Ang kalayaan ng will ay naktuon sa ispiritwal na kilos dahil umaaayon ito sa pagkamit ng hinahangad, kaya may mga pagpipilian.

Ang pagpili ng tao ay nasasakop  ng katotohanan na siya ay may kamalayan kaya may kakayahan na magsuri at pumili ng nararapat. Siya ay may moral na tungkulin na piliin ang ayon sa moral na batayan.

Ayon naman sa aklat sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, serye ng SEDP,  ang kalayaan ng ating kalooban (free will) ay bahagi na ng ating ispiritwal na kalikasan.  Ito ay bigay ng Diyos sa atin upang malaya nating mahubog ang ating pagkatao. Tayo ay malayang maghanap ng kaalaman at magkaroon ng sariling pananaw, opinion o kaisipan. Malaya rin tayong magmahal, makipag-kaibigan, magalit, magsaya o mabagot.  Malaya tayong kumilos, magsalita, gumawa o magmukmok.

Ang tunay na kalayaan ay mapanagutan.  Ang ibig ipahiwatig nito: ang kalayaan ay hindi lubos.  Ito ay may hangganan.  May kasabihang kaugnay nito: “Ang kalayan ng isang tao ay nagtatapos kung saan nagsisimula ang kalayaan ng kanyang kapwa.”  Ito ay nangangahulugang dapat nating isaalang-alang ang karapatan ng ating kapwa sa lahat ng bagay.  Karapatan natin ang maging malaya tulad ng iba.  Subalit sa ating pagiging malaya, dapt nating pangalagaan ang kalyaan at karapatn ng iba.

Ang kalayang kaloob ng Diyos sa atin ay naitalaga sa paggamit nito para sa ikabubuti ng tao katulad ng pagpapalaya sa sarili mula sa maraming balakid sa pag-unlad ng ating pagkatao—kalayaan mula sa

kamangmangan, kahirapan, katamaran, kalungkutan, kasungitan, kasamaan at iba pa.

Ang kalayan natin ay naitalaga sa paggmit nito para sa ikabubuti ng tao katulad ng pagtatanggol sa mabubuting adhikain, sa pakikilahoki sa mga proyektong pampamayanan at pangkalikasan, sa pagiging handa sa mga di mabuting nangyayari sa kapaligiran at lipunan, sa pagpuna sa mga katiwaliang nasasaksihan at marami pang ibang mabuting gawain. Dito natin dapt pinalalaya ang ating sarili sa pgawa ng kabutihan para sa lahat.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo?

Paano ka magiging mapanagutan sa paggamit ang iyong kalayaan sa mga sitwasyong katulad nito:

1. Ipinahiya ka ng iyong kaibigan sa karamihan dahil naiwan mo ang hiniram mong damit sa kanya. Sinabi niya nang malakas sa inyong klase na hiniram mo lang sa kanya ang damit na iyong isinuot sa inyong Christmas party.
2. Narinig mong pinag-uusapan ng iyong mga kaklase ang iyong kaibigan. Sinasabi nilang buntis ang iyong kaibigan at sila pa lamang ang nakakaalam nito.
3. Nakita mong kinuha ng iyong kaklase ang wallet ng iyong kamag-aral. Subalit nang Makita ka niya, sinabi niyang tumahimik ka kung ayaw mong madamay.

## VII. Gaano Ka Natuto?

Sagutin ang pangwakas na pagsusulit. Isulat ang MPK kung ang kilos ay mapanagutang paggamit ng kalayaan at HM kung hindi.

____ 1. Isang babaeng tinedyer, pinagsabihan nito ang lalaking nanantsing sa paghawak ng kanyang kamay

____ 2. Isang ama, nagpakalasing sa pag-inom ng alak dahil sa problema

____ 3. Isang mag-aaral, walang magawa, nagsulat ng nagsulat sa pader

____ 4. Batang lalaki, umihi sa pader ng paaralan

____ 5. Dahil uso, babaeng tinedyer, nakikita ang pusod habang namamasyal sa kalsada

____ 6. Karapatan daw ang magdiwang ng pista kaya nangutang ng pera para makapaghanda sa okasyon

____ 7. Pinili ni Janet hang mapagalitan kaysa magsinungaling

____ 8. May kalayaan ngang magsalita kaya si Josie ay pinagalitan ang mag-aaral sa klase. Hindi na ito pumasok

____ 9. Malaya ang kumain kaya palihim na kinuha ang pagkain ng kapatid

____ 10. Niyaya si Josef ng kasintahan na magtanan kahit hindi pa sila nakapagtapos. Tinatanggihan niya ito kaya hiniwalayan siya nito

____ 11. Naisip ni Medel na may kalayaan siyang mag-aral subalilt puro bagsak ang marka

____ 12. Naging mapusok ang kasintahan ni Lita sa kanilang pagdideyt. Nagalit ito at nakipagkalas sa kasintahan.

____ 13. Naniniwala si Rodel na may kalayaan siya upang mag-aliw kaya hindi na siya pumasok sa klase dahil naglaro ng counter-strike.

____ 14. Binuksan mo ang sulat ng ate.

____ 15. Sa panonood ng palatuntunan, maaaring pumalakpak, sumigaw at humiyaw.

## VIII. Mga Sanggunian

De Torre, Joseph M. 1980. Christina Philosophy. Manila: Sinagtala Publlishers, Third Edition.

Esteban, Esther J. 1990. Education in Values. Manila: Sinagtala Publishers.

## Susi Sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. Mali
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Mali
9. Mali
10. Mali

Gaano Ka Natuto?

1. MPK
2. HM
3. HM
4. HM
5. HM
6. HM
7. MPK
8. HM
9. HM
10. MPK
11. HM
12. MPK

13. HM
14. HM
15. HM